# Minerva

**Gloc-9**

Nagtiwala sa mga sinabi mo
Na ako ang syang laman ng mundo mo
Ang nagmamay-ari at laging maghihintay upang ibigin ka

Pakinggan mo 'eto
Lasapin ang kwento ni Pedro
Isang binata na bagong pasok ng kalaboso
'Di man sigurado ay masahol pa sa preso
Dahil ang kabayaran ay hindi presyo
Halata mong laging malungkot
Noo na nakakunot
Ikot nang ikot ang isipan na napakalikot
Matalas ang katotohanan na pinapasuot
Tila gagamba na sa bagting nagapos, nabilot
Kahit na ilang beses nya pang putulan
Isipan at diwa nya sa hangi'y nakalutang
Pinupuno palagi pero bakit kinukulang
Parang nalubog sa walang kabayaran na utang

Kung alam nyo lang ang
Tunay na nangyari, malamang
Hindi na kayo mag-aabang ng
Traysikel o jeep, kahit pa sa taxi, tandaan
Baka makita nyo sya na mapadaan, sulyapan

Dati syang may kasintahan
At alam nyang tunay kanyang nararamdaman
Sa isa't isa'y nangako
Napako
Naglaho
At gumuho

Si Minerva, labandera na morena
Inabutan ko ng gumamela
Pagkatapos kong mamasada sa manibela
Inaya ko sya na mamasyal sa may Luneta
Bumili kami ng malamig at tinapay na mamon
Nang lumaon ay inaya ko sya sa may banda ro'n
Madilim, madalang ang dumadaan, sabay lulon
Ng laway na sa lalamunan ko ay naiipon
Tinanggihan mga halik at haplos na umaapoy
Nagdilim ang paningin, buong akala ko ako'y
Hahayaan mong lusungin ang batis na kumunoy
Kaya ngayon sakal ko ang iyong leeg hanggang buto ay mabali
Itinali sa pusali
Nangingitim ang iyong mga labi
Walang buhay na babae
Hatinggabi na, sinong magsasabi
Bangkay ka nang iniwan sa Balete

Nagtiwala sa mga sinabi mo
Na ako ay laging iingatan mo
Ngayon ay mag-isa
Nakita nyo na ba
Ang babae sa Balete Drive?

Nagtiwala sa mga sinabi mo

Na ako ay laging iingatan mo
Ngayon ay mag-isa
Nakita nyo na ba
Ang babae sa Balete Drive?

Dati syang may kasintahan
Akala nya tunay kanyang nararamdaman
Sa isa't isa'y nangako
Napako
Naglaho
At gumuho

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!